Ang Pagpapalit ng mga Gamot Laban sa HIV

Bakit magpapalit ang sinuman ng paggagamot sa HIV?

Ang pinakamadalas na dahilan kung bakit may mga taong nangangailangang magpalit ng pag-gagamot ay:

- Ang kahirapan sa pagsunod (adhere) o hindi makatiis sa mga gamot.
- Walang bisang panggagamot.

Ang kahirapan sa pagsunod o pagtitiis sa mga panlunas:

Ang mga may HIV/AIDS ay maaring mangailangang magpalit ng kanilang gamot laban sa HIV gawa ng iba't-ibang dahilan na nagpapahirap sa kanilang patuloy na pag-inom ng mga gamot. Maaaring magtaglay ito ng mga sumusunod:

- hindi kanais-nais na side effects ng mga gamot.
- Schedule ng pag-inom na mahirap sundin.
- Sobrang dami ng gamot
- Mga pagbabawal sa pagkain.
- mga interaction ng mga gamot
- mga bagay tungkol sa pamumuhay tulad ng paninirahan, schedule sa trabaho at kapaligiran.
- mga gawi ng pamumuhay tulad ng paggamit o pag-abuso
- mga bagay ukol sa damdamin tulad ng masidhing pagkalungkot o depression.

Ano ang dapat gawin sa ganitong sitwasyon?

Mahalagang makipag-usap nang masinsinan sa iyong doktor o parmasyutiko upang alamin ang mga suliraning nagpapahirap sa iyong pagsunod sa pag-inom ng mga gamot o sa pagtanggap sa mga ito. Maaaring matulungan ka nilang gumawa ng paraan.

(Tingnan ang fact sheet "Pagsunod sa Tamang Paraan ng Pag-inom ng mga Gamot" para sa mga praktikal na tip na makatutulong sa pagsunod)

Kung ang paghihirap ay dahil sa mga side effects ng mga gamot, maaaring may mga paraan upang iwasan ang mga side effects na ito tulad ng pagpapalit ng paraan ng pag-inom ng mga gamot o ang pag-inom ng gamot upang mabawasan ang mga di-kanais-nais na side effects. Kung walang pagbabago, maaaring panahon na para palitan ang mga gamot na nagiging sanhi ng side effects.

Ang pagkabigo ng paggagamot

Kung ang mga gamot sa HIV ay hindi na mabisa sa pagpigil sa HIV o kung ang iyong CD4 (T-cells) ay magsimulang bumaba, tinatawag itong *treatment failure* (nabigong paggagamot).

Ang treatment failure ay:

- pagdami o rebound ng viral load hanggang sa mas mataas sa detectable level

- ang pagbaba ng bilang ng CD4
- ang pagkakaroon ng mga impeksyon o komplikasyon na nauugnay sa HIV

Ang pagkabigo ng paggagamot ay maaaring kaugnay ng ilang bagay:

- mahinang kalusugan sa simula pa lamang ng paggagamot
- ang unang kombinasyon ng mga gamot ay kulang sa lakas.
- hindi pagsunod nang tama sa pag-inom ng gamot
- paglaban ng HIV sa gamot
- pagkalason sa gamut o drug interaction
- pag-abuso o paggamit ng droga o alak
- hindi lubos na pagtiim (absorption) ng mga gamot
- mga iba pang kalagayang pangkalusugan na hindi nauugnay sa HIV

Ano ang dapat gawin sa ganitong sitwasyon?

Kung ang paggamot sa HIV ay tumigil sa pag-epekto, nangangahulugang ang HIV ay lumalaban na sa isa o sa lahat ng gamot na nasa kombinasyon. Kung ganito ang sitwasyon, ang mga pag-babago sa paggagamot ay kailangang gabayan ng:

- mga nakaraang history ng mga gamot
- mga resulta ng resistance testing
- mga panganib at kabutihan ng mga bagong gamot na gagamitin
- kung gaanong matitiis ang mga gamot at makasusunod sa tamang paraan ng bagong pag-gagamot.

Kadalasan, sa pagbabago, nangangailangang palitan ang dalawang gamot sa kombinasyon o ang pagpapalit ng kabuuan at pagbubuo ng bagong kombinasyon. Kailangang makipag-usap sa iyong doktor o parmasyutiko upang alamin kung alin sa mga mapapagpipiliang gamot ang nababagay sa iyo. Kung nakagamit na ng maraming aprubadong panggagamot, kailangang pag-isipan ang mga bagong gamot na makukuha lamang sa clinical trials. Kung gusto mong magpahinga muna, o mag “drug holiday” bago pumili ng bagong kombinasyon, kailangang isangguni ito sa iyong doktor at makipag-alam sa kanila upang mabantayan ang iyong kalusugan at matiyak na ligtas na isagawa ito.

(Tingnan ang fact sheet na “Planadong Pagtitigil ng Gamot” para sa karagdagang impormasyon sa drug holiday.)

Copyright @ACAS 2001 & 2005. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be down-loaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for refer-ence purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.